# Patakaran sa Kawalan ng Diskriminasyon ng Lungsod ng Shoreline

Kinikilala at itinataguyod ng Lungsod ng Shoreline ang mga karapatan ng mga indibidwal na mapakitunguhan sa patas na paraan at na mamuhay nang may dignidad at paggalang at nang malaya mula sa diskriminasyon o pagiging punterya dahil sa kanilang katayuan sa imigrasyon, pinaniniwalaan, lahi, bansang pinagmulan, seksuwal na oryentasyon, kasarian o identidad ng kasarian, edad, kakayahan, pangkat etniko, katayuan sa pabahay, katayuan sa ekonomiya, o iba pang katayuan sa lipunan. Noong 2017, napagkasunduan ng lahat ng nasa Konseho ng Lungsod ng Shoreline na aprubahan ang Resolusyon 401 na nagdedeklara sa Lungsod ng Shoreline bilang isang komunidad na humihikayat ng malugod na pagtanggap, patas, at ligtas para sa lahat. Ipinasa ng Konseho ng Lungsod ang resolusyong ito bilang paraan para muling ipahayag ang mga gawi at patakaran ng Lungsod at ang mga prinsipyong sinusuportahan ng Shoreline.

Nakatuon ang Lungsod sa pagtitiyak na nananatiling malugod na tumatanggap, ingklusibo, at ligtas ang komunidad para sa lahat ng naninirahan, nagtatrabaho, at bumibisita dito. Patuloy na magtatrabaho ang lungsod, sa pakikipagtulungan sa aming mga kaakibat sa komunidad, upang tiyaking nagagamit ng at bukas sa lahat ng mga indibidwal ang aming mga serbisyo at programa.

## Titulo II ng Batas para sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan (ADA) ng 1990

Inaprubahan ng Lungsod ng Shoreline ang Mga Pamamaraan sa Karaingan (Grievance Procedures) upang matugunan ang mga iniaatas ng Batas para sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan ng 1990 (American with Disabilities Act of 1990, ADA). Magagamit ang Mga Pamamaraan sa Karaingan ng Lungsod ng sinumang gustong maghain ng reklamong nagpaparatang ng diskriminasyon batay sa kapansanan, sa pagkakaloob ng mga serbisyo, aktibidad, programa, pasilidad, o benepisyo ng Lungsod ng Shoreline.

Ang sinumang taong naniniwalang nakaranas siya ng diskriminasyong labag sa batas batay sa kapansanan ay may karapatang magsumite ng nakasulat na reklamo o sumagot ng Form sa Karaingan ng ADA (ADA Grievance Form). Dapat itong ihain sa lalong madaling panahon, at kailangan itong ihain nang hindi lalampas sa 60 araw ng kalendaryo pagkatapos ng pinaparatang na paglabag. Maaaring isumite ang Form sa Karaingan ng ADA o ang nakasulat na reklamo sa Tagapag-ugnay ng ADA (ADA Coordinator) ng Lungsod:

City of Shoreline
ADA Coordinator – Code Enforcement and Customer Response Team Supervisor
17500 Midvale Avenue N
Shoreline, WA 98133

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pamamaraan sa Karaingan ukol sa ADA ng Lungsod, makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng ADA sa:

ADA Coordinator
(206) 801-2700
TTY 206-546-0457

## Titulo VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964

Sa pamamagitan nito, nagbibigay ang Lungsod ng Shoreline ng abiso sa publiko na nagsasaad na patakaran ng Lungsod na tiyakin ang ganap na pagsunod sa Titulo VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 (Civil Rights Act of 1964), ayon sa susog, ang Batas sa Pagpapanumbalik ng Mga Karapatang Sibil ng 1987 (Civil Rights Restoration Act of 1987), Kautusang Tagapagpaganap 12898 (Executive Order 12898), at mga ipinagtibay na batas ng lehislatura at mga regulasyon sa lahat ng mga programa at aktibidad. Iniaatas ng Titulo VI na walang tao sa Estados Unidos, nang dahil sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, ang ibubukod sa pakikilahok sa, tatanggihan ng mga benepisyo ng, o mapapasailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad kung saan tumatanggap ng pinansiyal na tulong ang Lungsod.

Ang sinumang taong naniniwalang naging biktima siya ng isang labag sa batas na nandidiskriminang gawi sa ilalim ng Titulo VI ay may karapatang maghain ng pormal na reklamo sa Lungsod ng Shoreline. Dapat nakasulat ang alinmang nasabing reklamo at dapat ihain sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod (Office of the City Clerk) sa loob ng isang daan at walumpung (180) araw pagkatapos ng petsa ng paratang na insidente ng diskriminasyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pamamaraan sa Reklamo ukol sa Titulo VI ng Lungsod, mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng Titulo VI (Title VI Coordinator) ng Lungsod ng Shoreline sa:

City of Shoreline
Title VI Coordinator – Assistant City Manager
17500 Midvale Avenue N
Shoreline, WA 98133
(206) 801-2212

## Mga pasilidad ng Lungsod

Malinaw na ipinagbabawal ng Batas Laban sa Diskriminasyon ng Washington (Washington Law Against Discrimination, WLAD) ang diskriminasyon dahil sa “pagpapahayag o identidad ng kasarian (gender expression o identity)” sa mga lugar na nagsisilbi sa publiko, tulad ng mga gusali ng lungsod (RCW 49.60.010). Ang Komisyon sa Mga Karapatang Pantao ng Estado ng Washington (Washington State Human Rights Commission, HRC) – ang ahensiya ng lungsod na responsable sa pagpapatupad ng WLAD – ay naglabas ng mga regulasyon noong 2015 na naglilinaw na pinoprotektahan ng WLAD ang karapatan ng mga transgender na indibidwal na gamitin ang mga banyo at iba pang pasilidad na nakahiwalay ayon sa kasariang alinsunod sa kanilang identidad ng kasarian. Upang maabisuhan ang mga padrino at mga kostumer tungkol sa iniaatas na ito, naglagay ang Lungsod ng karatula sa mga banyo sa mga itinalagang pasilidad.

Makakahanap ng higit pang impormasyon sa website ng Komisyon sa Mga Karapatang Pantao ng Estado ng Washington sa www.hum.wa.gov.